ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo
Tomo LVI Blg. 3
Pebrero 7, 2025
www.philippinerevolution.nu



EDITORYAL

Palakasin ang hukbong bayan sa paglaban sa pasismo ng rehimeng US-Marcos

Sa susunod na mga buwan at darating na taon, puspusan at sistematiko nating palawakin at palakasin ang Bagong Hukbong Bayan (BHB) bilang bisig ng sambayanang Pilipino sa paglaban sa pasistang paghahari ng rehimeng US-Marcos. Sa harap ng papalubhang pang-aapi sa taumbayan, papatinding pampulitikang panunupil at lumiliiit na puwang para sa demokratikong pagpapahayag at pagkilos, lumalaki ang pangangailangang hawanin ang landas ng armadong pakikibaka.

Ipinataw ni Marcos ang hindi deklaradong batas militar sa libong mga baryo sa buong bansa upang gupuin ang paglaban ng masang nagtatanggol sa kanilang buhay at kabuhayan. Binibigyang-daan ng mga armadong tropa ni Marcos ang mapandambong at mapangwasak na operasyong komprador ng mga korporasyon sa pagmimina at mga plantasyon. Kaliwa't kanan ang mga kaso ng pagpatay, paninindak, iligal na pag-aresto at pagkukulong laban sa masang magsasaka at minorya na naninindigan at lumalaban.

Maging sa kalunsuran, walang lubay ang pagmamanman at panggigipit sa taumbayang organisadong nagtatanggol sa kanilang kagalingan. Pinupuntirya ni Marcos, laluna, ang mga manggagawa, mga mala-manggagawa, mga kabataan-estudyante at iba pang sektor na nagbubuklod sa layuning isulong ang mga demokratikong kahingian. Binubusalan sila upang supilin ang kanilang sigaw para itaas ang sahod, ibaba ang presyo, disenteng trabaho, sapat na badyet para sa edukasyon at mga serbisyong panlipunan.

Sa nagdaang mahigit nang pitong taon, daan-daang bilyong pisong pondo ng taumbayan ang ibinuhos at winaldas ng reaksyunaryong estado sa gera ng pagsupil sa pakikibaka ng sambayanan para sa pambansang demokrasya. Imbing pakay nitong gapiin ang BHB bilang sandata ng demokratikong kapangyarihang bayan, at pagkatapos, asintahin at supilin ang organisadong hanay ng bayan. Pinakalayunin nito na walang sagkang makapaghari ang reaksyunaryong kapangyarihan sa bansa, at walang hadlang na makapagkamal ng yaman sa pandarambong at pagsasamantala ang mga imperyalista, malalaking burgesyang komprador at malalaking panginoong maylupa.

Bunga ng panloob na mga pagkakamali na sanhi ng naging mga kahinaan sa pagharap sa todong-atake ng kaaway, dumanas ng seryosong pinsala ang iba't ibang mga yunit ng BHB. Napapanahong ipinanawagan ng Partido ang kilusang pagwawasto noong katapusan ng

2023 upang ituwid ang nagdaang mga pagkakamali sa pagsusulong ng rebolusyonaryong kilusan, kabilang ang iba't ibang aspeto ng digmang bayan, upang ipihit ang hukbong bayan mula sa pag-atras tungo sa muling pag-abante.

Sa gabay at inspirasyon ng kilusang pagwawasto, nagpupunyagi ang mga Pulang mandirigma ng BHB sa pagsusulong ng matagalang digmang bayan. Bigo ang deklaradong layunin ng rehimeng US-Marcos na durugin ang armadong rebolusyon sa katapusan ng nakaraang taon. Patuloy ngayon ang BHB sa pagpapalapad at pagpapalalim ng baseng masa, sa pagpapalakas ng mga pakikibakang masang antipyudal at antipasista, at sa paglulunsad ng mga taktikal na opensiba laban sa mga pusakal na pasistang tauhan ni Marcos.

Sa pagsulong ng kilusang pagwawasto, dapat mahigpit na panghawakan ng lahat ng kadre at rebolusyonaryong pwersa ang armadong pakikibaka bilang pangunahing anyo ng pakikibaka, habang sekundarya ang hayag na kilusang masa at ibang anyo ng pakikibaka, sa pagtupad ng sentral na tungkuling ibagsak ang neokolonyal na estado ng mga burges komprador at panginoong maylupa. Dapat patatagin ng lahat ng kasapi ng Partido ang kahandaang humawak ng armas at lumahok sa armadong pakikibaka.

Dapat puspusang mag-ambag ang mga rebolusyonaryong pwersa sa kalunsuran sa kumprehensibong pagsulong ng armadong pakikibaka sa kanayunan. Hawanin natin ang malapad na landas para sa pagmartsa ng wala pang kaparis na bilang ng mga manggagawa, malamanggagawa at petiburges na intelektwal mula sa kalunsuran o maging sa ibayong dagat, tungo sa daan ng armadong pakikibaka. Kailangan ng BHB ng mga kadreng manggagawa at intelektwal upang magsilbing mga Pulang mandirigma, kumander at upisyal sa pulitika ng BHB, habang binabagtas nito ang landas ng muling pagsulong.

Upang makamit ito, kailangang puspusang palawakin at palakasin ang kilusang masa sa kalunsuran, isulong ang mga pakikibakang masa, palakasin ang mga organisasyong masa, kabilang ang mga lihim na organisasyong masa at itaas ang rebolusyonaryong kamulatan ng mga rebolusyonaryong pwersa sa kalunsuran.

Sa atas ng Partido, buong taon na binubuksan ang pinto para sa integrasyon at rekrutment sa hukbong bayan, liban pa tuwing mga anibersaryo ng Partido, BHB o NDFP. Ang mga yunit ng BHB ay nakahandang tumanggap ng pangkat-pangkat na mga aktibista at kadre mula sa kalunsuran para makipamuhay sa mga Pulang mandirigma, sumailalim sa mga pagsasanay sa pulitiko-militar, lumahok sa mga pag-aaral, produksyon o mga pangkulturang aktibidad, maglingkod sa masang magsasaka, maging dentista, medik o guro ng masa, makiisa sa kampanyang antipyudal, at mag-ambag sa pagpupundar ng Pulang kapangyarihan ng demokratikong gubyernong bayan.

Katulad na may plano ang mga sangay at seksyon ng Partido sa kanayunan, dapat bumuo ang mga komite at sangay ng Partido at rebolusyonaryong organisasyong masa sa kalunsuran at kabayanan ng isang taong plano para isaayos ang programa sa grupu-grupong integrasyon o pagsapi sa hukbong bayan.

Isagawa ang kampanya ng pag-aaral tungkol sa armadong pakikibaka bilang pangunahing sandata ng paglaban at tungkol sa disiplina ng BHB. Palaganapin ang pag-aaral sa nagpapatuloy na kasaysayan ng sandatahang paglaban ng sambayanang Pilipino para sa pambansang paglaya. Humalaw ng inspirasyon sa talambuhay ng mga rebolusyonaryong bayani, na walang pag-iimbot na nag-alay ng kanilang talino at buhay sa sambayanan.

Kasabay nito, dapat palakasin ang kampanya ng pagkalap ng lahat ng anyo ng suporta para sa hukbong bayan, mula sa pinansya at pagkain, hanggang sa mga sandatang pandigma, pati na sa pag-aalaga sa mga nagpapagamot at nagpapagaling.

Kailangan patatagin ang isip at katawan ng mga kadre at aktibista na makikisalamuha o ganap na sasapi sa hukbong bayan, laluna sa harap ng todong pasistang atake ng kaaway. Wika nga ni Mao, hindi piging ang rebolusyon. Subalit sa kanlungan ng masa, araw-araw na busog ang mga Pulang mandirigma sa aruga at pagmamahal ng masa. AB

ANG Bayan

Tomo LVI Blg. 3 | Pebrero 7, 2025

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles. Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

Nilalaman

Editoryal: Palakasin ang hukbong bayan sa paglaban sa pasismo ng rehimeng US-Marcos 1
Kasong *impeachment* kontra kay Sara Duterte 3
Pagdiriwang ng anibersaryo ng Partido sa Cordillera 4
Digmang bayan, inilalapit ng LAB sa mga siyentista 5
Kilusang pagwawasto at pagtunggali sa mali 6
Mga protesta 7
Anibersaryo ng PKP, inilunsad sa Rizal 7
Sa madaling salita 8
AI at ang manggagawang Pilipino 9
Panggigipit sa sektor ng BPO, kinundena 9
Pamamaril, iligal na pag-aresto at panggigipit 10
Protesta para panagutin ang mga Duterte-Marcos 10

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

ang.bayan@cpp.ph

Sa tulak ng taumbayan, *impeachment* kay Sara Duterte, tuluyang isinampa

Noong Pebrero 5, pumirma ang hindi bababa sa 215 kongresista sa kasong *impeachment* o asunto kontra kay bise presidente Sara Duterte para patalsikin ito sa pwesto. Itinuloy ang kasong *impeachment* kontra kay Duterte matapos ang halos dalawang buwang pagbalam dito ng rehimeng Marcos. Pinangunahan mismo ng anak ng presidente na si Ferdinand Marcos na si Sandro Marcos ang pag-endorso sa pang-apat na reklamo.



Isinampa ang *impeachment* sa huling araw ng regular na sesyon ng Kongreso. Bago nito, tatlong *impeachment complaint* na ang isinampa sa Kongreso. Ang pangalawa rito ay inihapag ng mga progresibong organisasyon at indibidwal at inendorso ng Koalisyong Makabayan.

May pitong artikulo ang pang-apat na reklamong *impeachment*. Pangunahin dito ang "pakikipagsapakatan para patayin si Marcos, kanyang asawang si Liza Araneta at ang House Speaker Martin Romualdez." Ginawa ni Duterte ang banta noong Nobyembre 23, 2024 sa gitna ng pagdinig ng anomalya sa paggastos niya ng *confidential funds* na inilaan sa kanyang upisina.

Ang iba pang batayan ay ang: korapsyon sa ₱615.5 milyon sa *confidential funds*; panunuhol at korapsyon sa Department of Education; di maipaliwanag na yaman at kabiguang isiwalat ang kanyang mga ari-arian sa Statement of Assets, Liabilities, and Net Worth; pagkakasangkot sa ekstra-hudisyal na pamamaslang sa Davao City, mga maniobrang destabilisasyon, kabilang ang pagboykot niya sa State of the Nation Address at pagharang sa mga pagdinig sa Kongreso; at "pangkalahatang kondukta" bilang bise presidente at pangalawang pinakamataas na upisyal ng bansa.

Ang inendorsong resolusyon ay ipinadala sa Senado na siyang may tungkulin na buuin ang korte na didinig sa mga reklamo. Kung mahatulan, hindi lamang masisipa sa pwesto si Duterte, mapipigilan din siyang muling tumakbo sa anumang pusisyon sa susunod na mga eleksyon.

Ang pinakahuling kabanata ng girian ng pangkating Marcos at ng mga Duterte ay tanda ng pag-igting ng hidwaan sa pagitan nila. Ipinakikita nito ang higit pang paglalim sa pagkakahati-hati sa loob ng mga namumunong reaksyunaryong uri, kung saan nag-aagawan sa mga burukrata-kapitalistang pribilehiyo at kapangyarihan ang mga magkaribal na paksyon at pangkatin.

Mayor na hakbang ang *impeachment* sa pagkonsolida ng pangkating Marcos sa kapangyarihan nito sa pulitika, laluna sa loob ng militar, pulis at depensa. Kasabay nito, pinagtitibay din ni Marcos ang kanyang katapatan sa imperyalistang US sa pamamagitan ng higit pang pagpapalakas ng pakikipagtulungan sa US sa mga propagandang anti-China at operasyong nabal na ikinukumpas ng US sa West Philippine Sea, sa tabing ng "pagsusulong ng soberanya ng Pilipinas."

Malugod na tinanggap ng mga Pilipino ang *impeachment* ni Sara Duterte bilang unang hakbang upang panagutin ang bise presidente at alisin siya sa kanyang pwesto, bilang hakbang para parusahan siya sa kanyang mga krimen ng katiwalian. Kinakailangan pang palakasin at palawakin ng mamamayan ang kanilang mga pagkilos upang itulak ang Senado na agad na magtipon bilang korte at simulan ang paglilitis sa lalong madaling panahon.

Ang *impeachment* ay tagumpay ng kilusang masa na tuluy-tuloy sa pagpapalakas ng protesta para dito. Lalo nitong palalakasin ang loob at determinasyon ng mamamayan para singilin si Marcos mismo sa mas malalaking krimen ng korapsyon sa anyo ng kanyang sariling *confidential funds*, *pork barrel* sa anyong ayuda, pagkontrol sa bilyun-bilyong pondo ng Maharlika Fund at pagkuha sa “di nagastos" na pondo ng Philhealth. Dapat ding panagutin si Marcos sa pagpapabasura niya sa mga nakasampang kaso ng nakaw na yaman ng kanyang pamilya na nagkakahalaga ng hindi bababa sa ₱202 bilyon.

Sa panig ng mga progresibong grupo, tinitingnan nilang tagumpay ang *impeachment* ng mamamayang nakikibaka para panagutin ang mga Duterte at ang kanilang pangkat ng mga lumalabag sa karapatang-tao. Anila, sa pagtutulak at sama-samang pagkilos, paggiit, at pagbabantay ng taumbayan nakamit ang paunang hakbang sa pagpapanagot sa katiwalian. Kasabay ng panawagang hatulang nagkasala si Duterte, siningil nila ang rehimeng Marcos sa kainutilan nitong tugunan ang lumalalang korapsyon ng kanyang rehimen.

Sa araw ng botohan, nagtipon sila sa harap ng Kongreso para ipanawagan na kagyat na hatulan si Duterte. Nagkaroon ng parehong protesta sa Cabuyao, Laguna. AB

Pagkakaisa at pag-aaral bilang pagdiriwang ng anibersaryo ng Partido sa Cordillera

Sa isang larangan sa Cordillera, nauwi ang inakalang mababalam na selebrasyon ng anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas noong Disyembre 26, 2024 sa isang pyesta ng pagkakaisa at pag-aaral ng mga Pulang mandirigma at masa.

Lugmok sa hirap ang masa sa Barangay Ranyag (Liwanag) na dinatnan ng mga kasama. Bagsak ang taunang ani ng palay dahil sa grabeng tagtuyot na sinundan ng parada ng mga bagyong rumagasa sa rehiyon. Nalimitahan din ang malayang pagpunta ng masa sa mga sentrong bayan para makapamili ng mga pangangailangan dahil sa panggigipit at walang awat na mga operasyong ng AFP.

Dahil dito, hindi maiwasan ng ilang kasama na mag-alala kung paano idaraos ang selebrasyon. Ano ang kanilang ipakakain, gayong nag-imbita sila ng mga magsasaka? Kaya sa umaga ng ika-26 ng Disyembre, hindi na muna naggayak ang mga Pulang mandirigma.

Pero bandang hapon, bigla na lamang tumunog ang kanilang *warning device*. Mula sa kakahuyan, isa-isang bumungad ang mga taga-Baryo Ranyag.

"Mga kasama, para masigurado ang ating seguridad ay di namin kayo pinapunta sa bahayan. Kami na lamang ang dumayo sa inyo para matuloy ang selebrasyon ng anibersaryo ng Partido," paliwanag ni Mang Cesar, ang lider ng grupo. Kasama niya ay ang kanyang asawa at anak. Dala nila ang malaking supot ng suman at isang timba ng bilu-bilo. Sa likod ni Mang Cesar ang iba pang tagabaryo na may dalang ispageti at panggatong.

Dali-daling naggayak at itinuloy ng mga kasama ang pinaghandaang programa. Sa anyo ng mga dula, tula, kanta at maiigsing talumpati, ipinakita nila ang lumalalang krisis pangkabuhayan na dinaranas ng mamamayang Pilipino, ang tumitinding hidwaan sa pagitan ni Marcos at Duterte, at ang pagkasangkapan ng imperyalismong US sa mga neokolonya nito (kabilang ang Pilipinas) upang labanan ang China.

Ipinakita nila ang paghahari ng mga pambansa at lokal na dinastiya ng mga burukrata-kapitalista sa yaman ng prubinsya, habang sadyang pinapabayaang salat sa mga serbisyong panlipunan ang mga mamamayan. Binigyang-diin din sa mga pagtatanghal ang kahalagahan ng patuloy na paglahok ng masa sa rebolusyon upang mabago ang kanilang kalagayan.

"Ang bilin ng aming tatay ay alagaan namin ang mga kasama dahil kayo ang tunay na nagmamalasakit sa aming mahihirap. Ito ay habilin na ipapamana namin sa aming mga anak at apo," kwento ni Dani, isa sa mga dumalo sa pagdiriwang. "Alam naming ang aming lakas ay nasa pagkakaisa at sama-samang pagkilos."

Di agad umuwi ang taumbaryo pagkatapos ng selebrasyon. Idinaos nila ang asembliya para buuin ang lokal na balangay ng Pambansang Kalipunan ng mga Magsasaka at pinagplanuhan ang sama-samang bungkalan sa isang bahagi ng kanilang komunal na lupain. Pinagkaisahan nila kung papaanong organisadong lalabanan ang inaasahang bigwas ng mga operasyong militar at pagbabalik ng RCSP.

Sa sumunod pang mga araw, iba-ibang espesyal na kurso at pag-aaral sa ilalim ng Padepa (Pambansa-demokratikong Paaralan) ang inilunsad sa pwestuhan ng BHB.

Araw-araw may dumayo sa himpilan ng mga Hukbo—kapwa mga kabataan at nakatatanda. Dumayo ang iba para magpatulong sa mga asignatura, ang iba para sa simpleng kwentuhan. Pinabaunan sila ng mga mandirigma ng pag-asa, kasama ng mga nililok mula sa kahoy na sandok at pambayo.

Sa huling araw ng mga kasama sa lugar, nagtapos ng batayang oryentasyon sa Partido ang mga lokal na aktibistang inorganisa sa isang sangay ng Partido sa lokalidad.

"Mga kasama, naipaliwanag ninyo nang buong-buo ang Programa ng Partido. Wala kaming anumang pag-aatubiling maging kasapi nito," pahayag ni Mang Cesar sa simula ng kanilang panunumpa sa harap ng bandila nito.

Sa kanilang paglisan sa Baryo Ranyag, binalikan ng mga kasama ang kanilang mga pag-aalala. Buong-puso nilang niyakap ang aral ng kanilang karanasan: Lagi, sa lahat ng pagkakataon, magtiwala sa masa. AB



Inilalapit ng LAB ang digmang bayan sa mga siyentista at inhinyero



Ipinagdiwang ng Liga ng Agham para sa Bayan (LAB) ang ika-49 anibersaryo nito noong Disyembre 2024. Sa isang sikretong pagtitipon sa National Capital Region, aabot sa 50 kasapi nito ang nagsama-sama para sabayang ipagdiwang ang kanilang anibersaryo at ang ika-56 anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas.

Binalikan nila at ipinagdiwang ang iba't ibang tagumpay na nakamit ng mga balangay nito at naranasang pagsubok sa taong 2024, laluna sa panahon ng unang taon ng kilusang pagwawasto. Pinarangalan din ng LAB ang lahat ng mga rebolusyonaryong martir mula sa sektor ng agham at teknolohiya na nag-alay ng kanilang buhay para sa bayan at sa rebolusyon.

"Naging tampok ang mga tagumpay sa mga kampanya, sa muling pagsibol ng pag-oorganisa sa hanay ng batayang masa, at sa pagpapaunlad ng suporta para sa Bagong Hukbong Bayan (BHB)," ayon sa ulat ng Agham Bayan, pahayagan ng LAB. Sa kabila nito, ipinahayag nila na malaki pa ang kailangang pangibabawang mga kahinaan kabilang ang konserbatismo sa pagrerekrut ng bagong mga kasapi.

Ayon sa editoryal ng Agham Bayan, "dapat malinaw sa atin, bilang mga rebolusyonaryo, na ang pangunahing layunin natin sa paglulunsad ng kampanya ay ang pagtugon sa interes ng masa at pagpaparami at pagpapalakas ng ating rebolusyonaryong pwersa." Ngayong 2025, isinaad ng LAB na tuluy-tuloy nitong itataguyod ang mga tungkulin para makatulong sa pagsusulong at pagpapalakas ng rebolusyong Pilipino.

Dagdag pa ng LAB, ipinakita nito sa kanila na posibleng gampanan ng isang siyentista ang rebolusyonaryong tungkulin na isulong ang pambansa-demokratikong rebolusyon na may sosyalistang perspektiba, sa mga laboratoryo at silid-aralan ng kalunsuran hanggang sa armadong pakikibaka sa kanayunan.

"Itutuluy-tuloy ng mga rebolusyonaryong siyentista, inhinyero, propesyunal, at estudyante ang kilusang pagwawasto para makamit ang ibayong tagumpay," anito. Maghahanda rin ang LAB para sa gintuang anibersaryo nito sa Disyembre.

Biyolohista sa hukbong bayan

Isa si Ka Jerry sa mga rebolusyonaryong siyentistang tumugon sa panawagang makipamuhay sa BHB. Lumubog siya sa isang yunit ng hukbong bayan sa Luzon. "Para sa akin bilang isang biyolohista, isang malaking oportunidad ang pagiging Pulang mandirigma para palalimin ang ating kaalaman sa saribuhay o *biodiversity* ng ating bansa," pagkukwento niya.

Mula sa mga lugar na tinutuluyan, hanggang sa kinakain, araw-araw nakakasalamuha ng Pulang mandirigma ang kalikasan. Karaniwang nasa kagubatan at kabundukan ang mga yunit ng BHB. Minsan naman ay sa mga patag na erya. Bagamat iba't iba ang kalagayan ng mga gubat, bundok, at kapatagan, sa lahat ng pagkakataon tila mga "field researcher" ang mga Pulang mandirigma sa kanilang paglubog sa kalikasan.

Aniya, "sa araw-araw na gawain namin sa yunit, nakikita namin ang samu't saring *species*—halaman, kabute, insekto, ibon, at iba pa." Madalas din umanong nakakakita ang yunit ng mga endemiko o katutubong halaman o hayop kagaya ng *jade vine*, *corpse flower*, *hornbill* o kalaw, at marami pang iba. "Maraming beses din na napunta ang yunit sa mga lugar na posibleng hindi pa pisikal na napupuntahan ng mga siyentista, maski sinuman—malay natin, baka makatuklas tayo ng mga bagong *species* sa mga lugar na ito."

Nakatutulong din umano ang pagiging maalam sa saribuhay para sa pangangailangan sa pagkain ng hukbong bayan at ng masa. "Iba't ibang *species* ang pinapakinabangan namin sa gawaing produksyon. Lalo na sa mga gipit na sitwasyon sa mga lugar na malayo sa komunidad, maaasahang pagkukunan ng pagkain ang saribuhay ng kagubatan," kwento niya. Nagpapatupad rin ang yunit ng BHB ng mga patakaran para iwasan ang panghuhuli sa mga itinuturing na *endangered species* o uri ng hayop na nanganganib nang mawala.

"Maraming posibleng matutunan at matuklasan tungkol sa saribuhay ng ating bansa, sa konteksto ng paglahok natin sa rebolusyonaryong pakikibaka para sa sambayanang Pilipino," aniya. Dagdag pa ni Ka Jerry ay paalala rin ang kayamanang ito para sa kanya kung bakit kailangang lumahok sa digmang bayan—para protektahan ang kalikasan at sambayanan sa pandarambong ng mga imperyalista at lokal na naghaharing-uri. AB

Pamana ni Kasamang Jose Maria Sison

Kilusang pagwawasto at pagtunggali sa maling linya

Sa Pebrero 8, ipagdiriwang ng sambayanang Pilipino ang ika-86 na kaarawan ni Kasamang Jose Maria Sison, tagapangulong tagapagtatag ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP). Dalawang taon na ang nakalipas mula nang pumanaw si Ka Joma, subalit nananatili pa rin siyang inspirasyon sa mga kabataan at buong bayan. Ang iniwan niyang mayamang kaban ng mga aral at pamana ay kabilang ngayon sa nagsisilbing pundasyon at gabay sa isinusulong na kilusang pagwawasto ng Partido at buong rebolusyonaryong kilusan.

Kabilang sa mga aral na ito ang pangangailangang puspusang makipagtunggali sa mga kontra-rebolusyonaryong ideya, na naging tampok sa Una at Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto (IDKP). Ito ang binigyang diin ni Ka Luis Jalandoni, isa sa pinunong upisyal ng National Democratic Front of the Philippines at mahabang panahong kapanalig ni Ka Joma. Tinukoy ni Ka Luis ang partikular at krusyal na papel ni Ka Joma sa pagsusulong ng IDKP sa paghahanda ng borador ng dokumentong "Muling Pagtibayin ang Ating mga Saligang Prinsipyo at Iwasto ang mga Pagkakamali."

"Sa panahong ito, maraming iba-ibang ideya ang nanuot sa ating rebolusyonaryong kilusan. Ang mga pagkakamaling natukoy sa dokumento ng pagwawasto ay nakaiimpluwensya sa pag-iisip at ideolohiya ng mga kasama," ayon kay Ka Luis. Dagdag pa niya, maging ang mga kasama sa Netherlands, kung saan sila nakadistyero, ay hindi nakaligtas sa impluwensya ng maling mga ideyang ito.

Kwento niya, mayroong mga susing lider at nangunguna noon sa organisasyon sa Europa ang "nagdadala na ng linya sa ideolohiya na taliwas sa linya ng dokumento ng pagwawasto." Paliwanag pa ni Ka Luis, napakahirap na yugto para sa kanila ang panahon ng pagsisikap na ipaliwanag ang dokumentong "Muling Pagtibayin," at hikayatin ang mga kasama sa Netherlands na unawain ang kahalagahan nito.

Ibinahagi niya rin ang kaso ng isang dating kasama na tumuligsa sa kilusang pagwawasto batay sa palagay ng kanyang mga kaibigan, sa halip na pag-aralan at busisiin ang dokumentong inilabas ng Partido. Dagdag pa ni Ka Luis, sa yugtong iyon din lumitaw sa Netherlands ang katawagang "kontras" sa mga "rejectionist" o nagwaksi sa kilusang pagwawasto.


"Kung hindi nangyari ang IDKP, hindi ko alam kung ano ang posibleng nangyari sa ating rebolusyonaryong kilusan," ayon kay Ka Luis. Tinukoy at iniwasto ng Partido noong IDKP ang mayor na mga kamalian na umiral sa kilusan sa loob ng maraming taon. Kabilang sa mga kamaliang ito ang linya ng "estratehikong kontra-opensiba" na taliwas sa tatlong yugto ng digmang bayan. Noong dekada 1980 sa Mindanao, adelantadong nagtayo ng malalaking pormasyong militar na dahilan ng pagkabitaw sa gawaing masa at nagbunga ng malalaking pinsala.

"Sa halip na suriin kung bakit nagkaganoon, ang kongklusyon ng mga kontras ay dahil mayroong mga espisya sa kilusan (o mga Deep Penetration Agent). Humantong ito sa pinakamapapait na panahon sa ating rebolusyonaryong kasaysayan," kwento ni Ka Luis.

Tulad ng kilusang pagwawasto sa kasalukuyan na inilulunsad ng Komite Sentral, ang IDKP sa kaibuturan ay isang kilusang pag-aaral. Ang kakulangan sa gawaing pang-ideolohiya sa maraming taon ay nagbunga sa seryosong mga pagkakamali.

"Sa huli, maliit na porsyento lamang ng rebolusyonaryong kilusan ang tumuligsa sa kilusang pagwawasto. Ang nalalabi ay pumailalim sa pagwawasto sa ideolohiya, pulitika at organisasyon. Lumakas ang BHB. Nagbukas ang maraming larangang gerilya ng hukbo. Muli nating nabawi ang tiwala sa atin ng masa," ayon kay Ka Luis.

Salaysay ni Ka Luis, napakayaman ng kaban ng aral na iniwan sa atin ni Ka Joma. Simula sa pagtatatag nito, pagtukoy sa mga kamalian, at pagsulong matapos ang mga kilusang pagwawasto. "Sa kanyang huling mensahe sa atin, sinabi niya: Hindi magagapi ang Pambansa Demokratikong Rebolusyon ng mamamayang Pilipino!" AB





Protesta sa UP. Linggu-linggo ang protesta ng mga estudyante at guro ng Unibersidad ng Pilipinas (UP) sa iba't ibang kampus nito bilang pagsalubong sa ikalawang semestre noong Enero. Pinatampok sa mga protesta ang kaltas sa badyet, banta sa seguridad at kalayaang pang-akademiko, kasama rin ang panawagang “Duterte Panagutin, Marcos Singilin!”

Pinakamalaki ang rali sa UP Los Baños kung saan higit 800 ang lumahok sa “First Day Rage" noong Enero 27. Nagsagawa rin ng rali sa UP Tacloban noong Enero 13; UP Manila at UP Visayas, noong Enero 20; UP Baguio, UP Diliman, UP DEPPO sa Pampanga, at UP Cebu noong Enero 21; at UP Mindanao noong Enero 28.

Paggunita sa Mendiola Masaker. Ginunita ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) at mga demokratikong sektor ang ika-38 anibersaryo ng madugong Mendiola Masaker noong Enero 22. Isinagawa nila ang isang porum sa Bantayog ng mga Bayani para alalahanin ang 13 indibidwal na namatay matapos salubungin ng dahas ng mga tauhan ng noo'y presidente Corazon Aquino ang libu-libong nagpuprotestang magsasaka. Sinundan ito ng martsa tungong Mendiola sa Maynila kung saan naganap ang karumal-dumal na krimen.

Protesta kontra mahal na multa sa Cebu. Naglunsad ng protesta noong Enero 25 ang mga drayber ng dyip sa ilalim ng Piston Cebu sa harap ng LTO Region 7 para batikusin ang pagtarget sa kanila para patawan ng labis-labis na multa. Umalma ang mga tsuper sa Joint Administrative Order 2014-01 ng ahensya na nagtakda ng hanggang ₱27,000 multa para sa maliliit at gawa-gawang paglabag sa mga batas pantrapiko.

Suporta at kumpensasyon, iginiit ng mga Batangueño. Nagpiket sa Department of Social Welfare and Development, Department of Agriculture at Sugar Regulatory Administration-Main Office sa Metro Manila ang mga magtutubo at magsasaka ng Batangas noong Enero 22. Sa pangunguna ng Sugar-Batangas at Alyansa ng Mga Magsasaka para sa Kumpensasyon, siningil nila ang rehimeng Marcos ng suportang pampinansya at kumpensasyon sa mga apektado ng matitinding sakuna at pagsasara ng CADPI sa prubinsya.

Mga estudyante ng UE at BCP, nagprotesta. Kumilos ang mga estudyante ng University of the East (UE) at Bestlink College of the Philippines (BCP) noong Enero para batikusin ang planong pagtaas ng matrikula at pagpapataw ng pahirap na mga patakaran sa kanilang paaralan. Sa UE, nagpiket sa kampus sa Caloocan at Manila noong Enero 27-28 kasabay ng inilunsad na "konsultasyon" ng UE hinggil sa itinutulak ng unibersidad na 5% *tuition and other fees increase* (TOFI). Bago nito, sama-sama silang nagsindi ng kandila kasabay ng paglulunsad ng isang maiksing programa sa UE-Caloocan noong Enero 24.

Sa BCP, muling naglunsad ng protesta ang mga estudyante sa Quezon City noong Enero 30 para batikusin ang malaking kapalpakan ng administrasyon sa inilunsad na pagdiriwang sa anibersaryo ng paaralan noong Enero 26 sa Bataan. Binansagan ng Anakbayan-BCP at mga estudyante nito na #BCPTortureDay ang naturang araw ng pagdiriwang dahil sa napakaraming aberya at mahal na gastos.

Pagtitipon para sa anibersaryo ng PKP, inilunsad sa Rizal

SA MAHIGIT NA pagtuwang ng masa, naidaos ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Rizal (Narciso Antazo Aramil Command) ang pagdiriwang sa ika-56 anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas sa prubinsya. Dumalo sa pagtitipon ang mga kaspai ng Partido at mga rebolusyonaryong pwersa mula sa sektor ng mga magsasaka, kababaihan, kabataan-estudyante, manggagawa at maralitang lungsod. Naisagawa ito sa kalagitnaan ng matinding operasyong militar sa larangang gerilya.

Sa pagtitipon, inilunsad ang pormal na pag-aaral sa pahayag ng Komite Sentral para sa anibersaryo kung saan higit 50 katao mula sa kanayunan at kalunsuran ang lumahok. Sa diwa ng kilusang pagwawasto, kritikal at mapagkumbabang tinukoy sa pag-aaral ang mga umiiral pa ring kahinaan na dapat igpawan kapwa sa kilusang masa at armadong pakikibaka.

Nagsagawa naman ng mga pangkulturang pagtatanghal ang Pulang Bandila ng BHB-Rizal at ang mga dumalong rebolusyonaryong pwersa. Tampok din sa pagdiriwang ang paglikha ng mga sining biswal ng mga mandirigma at mga rebolusyonaryong pwersa mula sa kalunsuran hinggil sa tema ng pahayag ng Partido at pagsusulong ng kilusang pagwawasto. Marami sa mga dumalo ay unang beses lamang nakapasok sa yunit ng BHB.

Matapos ang lahat, naglunsad ang yunit ng "kapehan" sa temang "ang papel ng kabataan sa kilusang pagwawasto." Sa salitan ng pahayag at awitin mula sa mga Pulang mandirigma at rebolusyonaryong pwersa, ibinahagi ang kabuluhan ng kilusang pagwawasto at kung paano ito isinasabuhay ng bawat isa.

Ayon sa mga bisita, naging patunay ang aktibidad na walang saysay ang sinasabi ng reaksyunaryong estado na humihina na ang rebolusyonaryong kilusan. Sa pagtatapos ng programa, marami ang nagpahayag ng kagustuhang manatili upang makipamuhay sa hukbong bayan.

SA MADALING SALITA

62.7%

o 31.06 milyong Pilipinong may empleyo ang gumagampan ng simpleng trabaho at tumatanggap ng pinakamababang karaniwang sahod (₱378-₱583/araw) noong Nobyembre 2024.

Pinagkunan: EILER

18

ang pinalaya ng Hamas kapalit ng mahigit 500 Palestinong bilanggong pulitikal. Bahagi ang palitan ng mga bilanggo sa kasunduan sa tigil-putukan na nagsimula noong Enero 19



24,916

o higit kalahati ng mga eskwelahang pampubliko ay **walang prinsipal** dahil sa mabagal na promosyon ng DepEd sa kwalipikadong mga guro.

$2 trilyon

inilobo ng yaman ng mga bilyunaryo sa buong mundo noong 2024, 3 beses na mas mabilis kumpara sa 2023. Ang yaman na ito ay nagmula hindi sa produksyon kundi mula sa mana, kroniyismo at monopolyong kapangyarihan.

9

bansa ang nagbuklod sa koalisyong **The Hague Group** para panagutin ang estado ng Israel sa mga krimen nito sa digma at krimen laban sa sangkatauhan. **Binubuo ito ng South Africa, Belize, Cuba, Namibia, Bolivia, Honduras, Senegal, Colombia at Malaysia.**





Ika-8

ang Davao City sa 500 syudad sa buong mundo na may pinakamalalang trapik, habang ika-14 ang Manila. Pinakamalala naman sa Istanbul (Turkey), New York (US) at Chicago (US).

Pinagkunan: Tomtom Traffic Index

50 OBISPO

ang nagpahayag ng paglaban sa desisyon ng Korte Suprema na nagpapahintulot sa malalaking kumpanya na mangisda sa *municipal waters*. **533 sa 884 mga bayan ang apektado ng desisyon.**

43%

kinaltas sa badyet ng Mindanao State University at mga kampus nito sa BARMM para sa 2025.



Paggamit sa AI kontra manggagawang Pilipino

Sa harap ng komun na hinaing, itinatag noong Enero 25 ng mga manggagawa sa BPO (*business process outsourcing*), telekomunikasyon, drayber na taga-deliber at iba pang trabahong pinatatakbo ng mga *digital platform* (o mga sistemang *online*) ang Coalition of Digital Employees-Artificial Intelligence o CODE-AI. Itinatag ang naturang koalisyon para kumatawan sa mga manggagawa at empleyado sa harap ng papalawak na paggamit ng mga dayuhang kumpanya ng teknolohiyang AI. Binubuo ang CODE-AI ng BIEN, Riders Watch, Gabay sa Unyon sa Telekomunikasyon Supervisors-PLDT (GUTS-PLDT), Digital Justice, Computer Professionals Union, May Day Multimedia, Ecumenical Institute for Labor Education and Research.

Ayon sa isang pag-aaral, 36% o 8.5 milyon trabaho sa Pilipinas ang apektado ng paggamit ng AI. Tatlong milyon dito ay mga trabahong klerikal, higit 2.5 milyon sa pagbebenta at serbisyo, 500,000 trabahong teknisyan at kaakibat na mga propesyon, at 700,000 mga trabahong propesyunal. Halos dalawa sa bawat 10 trabaho sa mga larangang ito ang nakatakdang malusaw dahil sa AI.

Sa industriya pa lamang ng BPO, 300,000 trabaho ang inaasahang mawala sa susunod na limang taon dahil sa AI. Sa kasalukuyan, marami nang kumpanya sa industriya ang gumagamit ng AI para sa rutinang gawaing klerikal at pagsagot sa mga tanong ng mga kliyente. Dagdag na presyur sa mga empleyado na pabilisin ang pagtatrabaho gamit ang AI kahit walang katumbas na dagdag-sahod at benepisyo.

Ano ang AI? Ang AI ay tumutukoy sa teknolohiya sa kompyuter na nagbibigay dito ng kakayahan na gayahin ang talino ng isang tao tulad ng pag-unawa ng lenggwahe, pagkilala ng mga padron, paglutas ng mga problema at paggawa ng mga desisyon. Isa sa mga uri nito ang tinatawag na "generative" AI na may kakayahang lumikha ng teksto, imahe, musika at bidyo mula sa malawak na impormasyon ng publiko na nakalagak sa internet.

Ipinagmamalaki ng mga kumpanyang digital, kakoro ang reaksyunaryong estado ng Pilipinas, na lilikha ng bagong mga trabaho ang AI sa bansa. Gayunpaman, ayon sa CODE-AI, hindi mababawi ng tinatayang 100,000 malilikhang bagong trabaho ng AI ang dami ng trabahong malulusaw dahil dito. Dagdag dito, itinuturing ang Pilipinas bilang "digital sweatshop." Ibig sabihin, ang klase ng trabahong may kaugnayan sa AI na ipinapasa sa mga Pilipino ay nakatutok sa paulit-ulit na mga gawain, tulad ng *data annotation* at *content moderation* na parehong mga trabahong "pangsanay" sa iba't ibang tipo ng AI. Mababa ang pasahod sa mga trabahong ito ($1–$3/oras), malayo kung ikukumpara sa mga manggagawang gumagawa ng parehong trabaho sa ibang bansa ($15/oras, kung sa US). Wala seguridad sa trabaho ang mga mangaggawa dito at wala silang proteksyon mula sa abuso.

Ngayon pa lamang, puu-puong libong manggagawa at propesyunal na sa Pilipinas ang nagtatrabaho sa mga dayuhang kumpanyang bilang mga "freelancer" ng mga kumpanyang digital. Nagkukumpetisyon sila sa isa't isa para sa iilang trabaho na iniaalok ng mga ito, kabilang sa mga *social media platform* tulad ng Meta (may-ari ng Facebook at Instagram) at mga ahensya ng dayuhang estado tulad ng US. Marami-rami sa kanila ay mga bagong gradweyt na walang mapasukang trabaho sa larangan ng kanilang pinag-aralan.

Kontrolado ang teknolohiyang AI ng iilang monopolyong kumpanya na nakabase sa US. Isa sa pinakamalaki ang OpenAI na gumawa ng GPT. May kani-kanya ring sariling teknolohiyang AI ang mga *social media platform* tulad ng Llama ng Meta (may-ari ng Facebook at Instagram), Gemini ng Google at Grok ng Twitter. Nitong Pebrero, bumungad ang sariling modelong AI ng isang kumpanyang Chinese na Deepseek.

Hindi maikakaila na pinauunlad ng teknolohiyang AI ang proseso ng paggawa, laluna sa mga trabahong paulit-ulit, simple at nakababagot. Gayunpaman, dahil pag-aari at kontrolado ito ng mga monopolyong kapitalista, hindi maikakaila na gamitin ito laban sa mga manggagawa, laluna sa mga atrasadong bansa tulad ng Pilipinas, na walang tinatamasang mga karapatan. AB

Panggigipit sa sektor ng BPO, kinundena

KINUNDENA NG CODE-AI ang di makatarungang pagsisante kay Renso Bajala, tagapagalita ng BIEN, matapos magbigay siya ng panayam sa isang mamamahayag kaugnay sa kalagayan ng mga manggagawa sa mga kumpayang BPO na gumagamit ng AI. Sinisante si Bajala sa batayan ng "patakaran sa social media" ng kumpanyang Concentrix at American Express. Labag ang terminasyon sa kalayaan sa pagpapahayag ni Bajala at kapwa niya manggagawa.

"May karapatan kami sa malayang pagpapahayag at asosasyon, at krusyal ang aming paglahok sa mga diskusyon at paggawa ng mga patakaran sa paggamit ng teknolohiyang AI para maipagtanggol (namin) ang karapatan ng mga manggagawa," ayon kay Bajala.

Matitinding pagyurak sa karapatan, naitala sa Masbate, Cagayan, Davao at iba pa

Walang-tigil ang mga paglabag sa karapatang-tao ng mga pwersa ng Armed Forces of the Philippines (AFP) at Philippine National Police (PNP) laban sa mamamayang Pilipino sa nagdaang mga linggo.

Pamamaril. Noong Enero 19, natamaan at nasugatan sa likod ang 61-anyos na dating barangay kagawad at magsasaka na si Marcial Detalo sa walang patumanggang pamamaril ng mga sundalo ng 2nd IB sa Sityo Balunos, Barangay Rizal, Dimasalang, Masbate. Para pagtakpan ang krimen at pagsasapanganib sa mga sibilyan, malisyosong ipinahayag sa midya ng 2nd IB na natamaan ng bala ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Masbate si Detalo sa gitna ng pinalalabas na isang engkwentro sa lugar.

Pag-aresto. Noong Enero 27, inaresto ng mga pwersa ng estado ang 70-anyos na si Myrna Cruz-Abraham, beteranong aktibista, sa San Rafael, Bulacan. Dinakip ang biktima sa bisa ng mandamyento de aresto na inilabas ng isang korte sa Cagayan kaugnay ng mga kasong bigong pagpaslang at pagpaslang. Iniulat ng mga grupo sa karapatang-tao na nakalaya si Cruz-Abraham matapos ang walong araaw.

"Terrorism financing." Sinampahan ng mga gawa-gawang kaso ng "pagpopondo sa terorismo" ang limang aktibista mula sa Cagayan Valley.

Kinasuhan sina Isabelo Adviento, lider magsasaka; Cita Managuelod na *peasant advocate*; Agnes Mesina, koordineytor ng Makabayan Cagayan Valley; Jackie Valencia, tagapagtanggol ng karapatang-tao; at si Deo Montesclaros, isang mamamahayag. Lahat sila'y matagal nang nagtataguyod sa karapatan at kagalingan ng mamamayan ng Cagayan Valley at ng mamamayang Pilipino.

Demolisyon. Sa kalagitnaan ng pagpapahinga ng mga residente, tusong lumusob noong Enero 29, alas-2 ng madaling araw, ang 200 maton at tauhan ng mangangamkam ng lupa na si Caroline Piñeda sa Dalat/Purok 47, San Roque, Bangkal, Davao City para isagawa ang demolisyon. Giniba at niransak ng mga maton ang 20 bahay sa naturang komunidad. Ang insidente ay bahagi ng serye ng demolisyon simula pa Disyembre 2024.

Sa Laguna, binatikos ng mga residente ang pagdating noong Enero 31 ng 8–10 kataong demolisyon tim sa Barangay Nueva, San Pedro, Laguna para ipatupad ang bantang demolisyon sa baybay riles. Noong Enero 7, nagbigay ng babala ang Department of Transportation sa mga lokal na sila ay palalayasin sa araw na iyon sa kabila ng kawalan ng "court order" para sa demolisyon.

Pwersahang pagpapasuko. Naitala ang panibagong serye ng militarisasyon at pwersahang "pagpaparehistro" ng Philippine Army sa mga mangingisdang kasapi ng Timek La Union sa Barangay San Manuel Norte, Agoo, La Union noong Enero 20. Naiulat ang pag-iikot ng nakasibilyan na pitong tauhan ng Philippine Army sa nabanggit na barangay sa pangunguna ng isang "Captain Fernandez." Dala-dala ng mga sundalo ang isang listahan na naglalaman ng 30 pangalan ng mga kasalukuyan at dating kasapi ng TIMEK La Union at pinaghahanap sila para "irehistro" ang kanilang samahan.

Sa Masbate, nagtambak ng mga sundalo ang AFP sa magkakanugnog na mga barangay ng Baang, Sawmill, Barag at Mapuyo sa bayan ng Mobo, Masbate noong Enero 27 para tugisin at "pasukuin" ang sibilyan na nagngangalang Sony Diamos. AB

Mga protesta para panagutin ang mga Duterte at singilin si Marcos, inilunsad

NAGTIPON ANG IBA'T ibang demokratikong grupo sa Liwasang Bonifacio, Maynila noong Enero 31 para idaos ang protesta laban sa "3K" o ang Kilos Bayan laban sa kahirapan, korapsyon at kawalang pananagutan. Lumahok sa pagkilos ang mga estudyante, guro, manggagawa, propesyunal, mga taong-simbahan, administrador ng unibersidad, at progresibong partido. Pinangunahan ito ng Taumbayan Ayaw sa Magnanakaw at Abusado Network Alliance (TAMA NA).

Katulad na mga pagkilos ang inilunsad sa Naga City, Cebu City, Iloilo City, at Bacolod City sa pangunguna ng TAMA NA at mga balangay ng Bagong Alyansang Makabayan. Sa araw ding iyon, dalawa pang protesta ang inilunsad ng ibang mga grupo, kapwa sa harap ng People Power Monument sa EDSA.

Bago nito, inilunsad ang pagsisindi ng kanila at maiksing protesta noong Enero 30. Noong Enero 27, nagprotesta ang mga konseho ng mag-aaral, pahayagang pangkampus at grupo ng kabataan sa Liwasang Bonifacio sa pangunguna ng Leaders and Advocates of the Youth for the Accountability of Sara Duterte (LAYAS Duterte) Network na itinatag noong Enero 23.

Noong Enero 26, nagmartsa ang mga guro sa ilalim ng Alliance of Concerned Teachers sa Baguio City para sa sweldo, badyet sa edukasyon at pananagutan sa kahirapan, korapsyon at *impunity* ng gubyerno. Itinutulak nila ang *impeachment* kay Duterte na anila ay palpak sa pagsisilbing dating kalihim ng Department of Education.

Noong Enero 24, pinangunahan ng Kilusang Mayo Uno ang protestang "UWIAN Na" para sa sahod at laban sa nakaw sa Quezon City. Ang panawagang UWIAN Na ay nagmula sa "Unite for Wage Increase at Against Nakaw sa Gobyerno."